

ANG ALAMAT NG TATLONG BATO

Noong unang panahon, ang Lacaylacay, Baketbaket at Ubing-Ubing ay isang masayang pamilya. Nakatira sila malapit sa dagat. Mangingisda ang lalaki. Maaga siyang nagigising upang mangisda. Tuwing marami siyang nahuhuli, naghahandog ang kanyang asawa ng mga isda sa mga diwata. Pagkaraan ng mga ilang araw, yumaman ang mangingisda. Siya at ang kayang asawa ay nagmayabang.

Isang umaga, nakahuli siya ng maraming isda. Sa kanyang pag-uwi, nakasalubong niya ang isang matandang payat, sira-sira ang damit nito. Mahinang-mahina at gutom na gutom.

"Pahingi ng isda, wala akong makain," sabi ng matandang babae.

"Wala akong maibigay sa iyo, matanda," sabi ng mangingisda.





Kinahapunan, habang nagbabayo ng palay ang asawa, dumating ang isang pulubi. “Bakit ka namamalimos?” “Bakit hindi ka nagtatrabaho? Wala akong maibigay sa iyo,” sabi sa matandang babae.

Nagising ng madaling araw ang lalaki upang mangisda. Samantala ang kanyang asawa ay tinanghali ng gising. Nagmamadali siyang pumunta sa kusina upang magluto ng agahan.

Nakaluto na ang babae kinahapunan at hinintay ang pagdating ng asawa. Naglinis siya ng bahay. Tapos na siya ng kanyang gawain ngunit hindi pa dumarating ang kanyang asawa.

“Ano kaya ang dahilan at wala pa siya?” tanong ng babae.

Bumaba siya ng bahay at tumingin sa kalsada. Wala pa rin ang asawa. Nag-alala na siya.

Dinala niya sa tabing-dagat ang pagkain. Isinama niya ang anak. Doon na lang sila sabay-sabay na kakain.

Hindi pa rin nila nakita ang asawa. Sumigaw sila nang sumigaw pero walang sumagot.

Habang sila ay nakaupo at



nakatingin sa dagat, nagulat sila sa nakita.
Dahan-dahang lumutang ang bato na hugis
tao. Namangha ang babae dahil napansin
niya na kahawig nito ang kanyang asawa.
Nakakita siya ng balsa at inutusan ang
anak na isagwan ito sa dagat.

Sinagwan ito patungo sa imaheng
bato at nakita nila ang gamit ng asawa.
Nalungkot ang mag-ina at dali-daling
tumalon patungo sa imaheng bato at lumambitin dito.

Narinig ng diwata ang kanyang hinagpis at siya'y
ginawang bato. Sumagwan papalayo ang batang lalaki at
siya ay naging bato rin. Nakaramdam ng panghihinayang
sa pamilya ang diwata kaya binigyan ng kapangyarihan
ang mangingisda na mamahala sa dagat at hangin sa
lugar na iyon.

Pinaniniwalaan na ang 'Lacaylacay' ay
may kapangyarihan sa ibabaw ng dagat at
hangin sa lugar na iyon. Nagagawa niyang
pakalmahin at paguluhin ang agos ng tubig
sa dagat. Nagagawa niyang patubuhin
ang halamang-dagat at naiwawala ang
mga isda na parang bula. Dahil dito,
kinatatakutan din ng mga mangingisda at
manlalakbay ang mag-anak.

Sa Hilagang-silangan ng Cagayan,
mga tatlong
kilometro ang layo
mula sa sentro
ng Claveria,



makikita ang dalawang bato na hugis lalaki at babae. Tinawag ng mga tao ito na “Lacaylacay” o matandang lalaki at “Baketbaket” o matandang babae. Sa Silangan, mga tatlong kilometro ang layo ay makikita ang maliit na imaheng tinawag na “Ubing-Ubing,” na ang ibig sabihin ay bata. Ito ang kanilang anak.

Ang mga mangingisda at mandaragat na dumadaan sa Lacaylacay ay nag-aalay ng pera, pagkain, sigarilyo at prutas upang maging ligtas sa kanilang paglalakbay.